

**NAVIGATING AND STEPPING: EXPERIENCES OF SELECTED TEACHERS IN TEACHING RESEARCH IN SELECTED PUBLIC HIGH SCHOOLS IN PAMPANGA**

**Rommel P. Gaña<sup>1</sup>**

Pampanga State Agricultural University  
rommel\_gana@psau.edu.ph  
DOI:10.63305/700107

**Abstract** – *This dissertation investigates and analyzes the experiences of a group of teachers who teach research in certain national high schools located in Pampanga. The study is entirely qualitative and employs a phenomenological approach. The participants in this research were seven educators who instruct research subjects in senior high school at selected national high schools within Pampanga. To collect information regarding their experiences in writing research papers, in-depth face-to-face interviews were held. The gathered data was transcribed, and the quoted responses were organized through a process of manual coding, categorization, and theme extraction.*

*Six codes were created for the elements influencing teaching research, and nine codes were created for the experiences of senior high school research teachers. This study provides a detailed explanation of the three themes that emerged from the six categorized codes.*

*The themes that were developed were subjected to thorough study to develop approaches. The approaches obtained were created which include strengthening the skills of teacher researchers, honing the skills of students and managing the teaching of research in schools. Through the analyses developed, the creation of a proposed conceptual model for improving the skills of teachers in research was achieved which will be a guide in writing and teaching research.*

**Keywords** – *experiences. research, teaching*

**INTRODUCTION**

Bilang mga guro ng ika-21 siglo, hindi maikakaila na ang bawat guro ay dapat lumahok sa quadropological function ng institusyong pang-akademiko – pagtuturo, produksiyon, extension at pananaliksik. Bagama't nangangailangan ng oras, ito ay panawagan para sa propesiyonal na pagpapahusay sa pagsulat ng pananaliksik. Ayon kina Zuljan at Vogrince (2010), ang pagtuturo ay dapat pinangungunahan ng ebidensiya at pananaliksik, gaya ng binanggit ni Sison (2017); ayon kay Hine

(2013), ang mga guro at administrador ay kailangang kasangkot sa propesyunal na pagpapaunlad, kabilang ang pananaliksik. Gaya ng ipinag-uutos ng Republic Act No. 7722, dapat paghusayin ng Commission on Higher Education ang research function ng HEIs sa Pilipinas.

Sa pagsunod sa globalisasyon at pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo, ang mga guro ay kailangang sumailalim sa propesyunal na pag-unlad. Gayunpaman, maraming guro ang nag-aatubili sa pagsulat ng pananaliksik. Ayon sa Sison (2017), ang English faculty ay may

parehong positibo at negatibong saloobin sa pananaliksik; iniisip nila na ito ay madali, kasiya-siya, at kapaki-pakinabang para sa propesyonal at personal na buhay ngunit nakababahala.

Ang pagsulat ay isa sa makrong kasanayan na dapat malinang, gaya ng kasanayan sa pagsasalita. Ito ay daluyan ng pagpapahayag ng damdamin at iniisip, bagama't hindi madali sapagkat nangangailangan ng kaalamang pangkaisipan sa pagpapaunlad ng ideya at paglalagat ng kaisipan (Espina, Ramos, Plasencia at Velasco, 2014). Samakatuwid, ito ay bunga ng karanasan at kaalaman na binibigyan ng interpretasyon sa pamamagitan ng pagsulat. Kawalan ng kaalaman sa paksa ay balakid sa epektibong pagpapahayag at komposisyon. Ito rin ay komprehensibong kakayahan sa wastong paggamit ng salita, talasalitaan, pagbubuo ng kaisipan, at retorika. Marapat na ang mag-aaral ay maihanda at gabayan upang maging magaan at mabisa ang pagsusulat.

Ayon kay Salamera (2011), mas mainam pa ang malabong tinta kaysa sa matandaing pag-iisip. Mahalaga ang pagsulat sapagkat nakakaangat sa buhay, lalo sa mahigpit na kompetisyon. Humuhubog at bumubuhay ng pagkatao ang pagsulat. Maituturing na kakambal ng

pag-iisip ang pagsulat; hindi matatamo ang kalidad kung walang kalidad na pag-iisip. Ito ay komprehensibong kakayahan sa wastong gamit ng talasalitaan, pagbuo ng kaisipan, at retorika na nagbibigay kariktan at kalinawan sa pagpapahayag.

Maraming guro ang hinihikayat na magsaliksik upang matukoy ang problema at lumikha ng solusyon. Ang pananaliksik sa silid-aralan, nakabatay sa paaralan, ng guro, at action research ay isinasagawa upang suriin at tukuyin problema o isyu sa silid-aralan at paaralan at makahanap ng solusyon sa pamamagitan ng pag-unawa nito (Burns & Kurtoglu-Hooton, 2014). Ayon kay Sanchez (2021), malaking tulong sa mag-aaral at guro ang makabuluhang pagtuturo at pagkatuto sa pananaliksik. Nakatutulong ang inobatibong gawain gaya ng paggamit ng ICT upang mailabas ang kasanayang kinakailangan sa ika-21 siglo.

Sa kabaligtaran, nahihirapang magsaliksik ang mga guro dahil sa kakulangan ng suporta mula sa paaralan, sanggunian, dagdag na gawain, kawalan ng oras, at hindi sapat na kaalaman sa action research (Ulla, 2018). Ang pananaliksik ay maaaring tukuyin bilang siyentipikong pagsisiyasat ng phenomena sa pamamagitan ng koleksiyon, pagtatanghal, pagsusuri at interpretasyon ng mga katotohanan (Calmorin & Calmorin, 2004).

Inilalarawan ni Swindoll (2012) ang pananaliksik bilang proseso ng pangangalap at pagsusuri ng impormasyon upang lumawak ang pang-unawa sa paksa.

Batay sa pananaliksik ni Cayabyab (2021), habang tumataas ang posisyon at tumatagal sa pagtuturo, lalong nalilina ang kakayahan ng guro sa pagsulat ng pananaliksik. Ayon kay Sicut (2017), dapat gabayan ng guro ang mag-aaral sa pamimili ng paksa na may Maka-Pilipino at transpormatibong pananaliksik. Dapat bigyang-diin ang etikang pananaliksik, presentasyon, at publikasyon. Dagdag ni Gilbert (2014), mahalagang maturuan ng guro ang mananaliksik sa tamang pagtala, pagsipi, at paggamit ng sanggunian upang maiwasan ang plagiarismo.

Bagama't nakikitang gampanin ng guro sa pananaliksik, may kakulangan sa pag-unawa sa akademikong pananaliksik. Halos lahat ay nakatuon sa pagtuturo ng teyoretikal na ideya bilang tungkuling panlipunan, subalit hindi ganap na natukoy para sa matatayog na kaisipan (Mayor-asuncion, 2015). Ayon kay Galdonez (2022), nahihirapan ang mag-aaral sa pananaliksik at pagbuo ng tesis na pahayag, subalit epektibo ang online direct instruction sa pagtuturo at pagkatuto.

Ayon sa Capulso at Sicut (2019), sa ika-apat na industrial revolution at K-12 kurikula, itinatagala ang guro bilang facilitator sa pagpapahusay ng pagtutulongan, komunikasyon, pagkamalikhain, at kritikal na pag-iisip ng mag-aaral. Face-to-face interviews ang napag-alaman: mababang aptitude, mababang moral o interes, kakulangan sa materiales, at kakulangan ng kasanayan sa pagtuturo. Ayon sa Rio, Irving, et al. (2021), limang tema ang natukoy: walang kabuluhang pagtuturo, pahirapan sa pagtuturo, kakulangan ng kagamitan at materiales, kaisipan at emotional disturbances ng guro, at kakulangan sa teknikal na kasanayan. Pinapatunayan ng pananaliksik ang karanasan ng guro sa pagtuturo ng research subjects.

#### **OBJECTIVES OF THE STUDY**

Sa pangkalahatan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin at tukuyin ang mga karanasan ng mga gurong nagtuturo ng pananaliksik sa mga senior high school sa Magalang, Pampanga. Partikular, sasagutin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

- 1) Ano ang karanasan ng mga gurong nagtuturo ng pananaliksik sa senior

high school sa larangan ng pananaliksik?

2) Anu-ano ang mga salik na nakakaapekto sa pananaliksik ng mga mag-aaral?

3) Ano ang modelong konseptuwal na maipapanukala upang mapaghusay ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng pananaliksik?

## **METHODOLOGY**


Ang mananaliksik ay gagamit ng isang penomenolohikal na disenyo ng pananaliksik. Ang isang phenomenological na disenyo ng pananaliksik ay isang pag-aaral na sumusubok na maunawaan ang mga pananaw at pag-unawa ng mga tao sa isang partikular na sitwasyon (Phatak 2017). Ang mga pangunahing layunin ng phenomenological na pananaliksik ay upang maghanap ng katotohanan mula sa mga salaysay ng mga indibiduwal ng kanilang mga karanasan at damdamin, at upang makagawa ng malalim na paglalarawan dahil sa layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang mga karanasan ng mga gurong nagtuturo sa mga Senior High School sa larangan ng pananaliksik.

Ang pag-aaral ay gagamit ng purposive sampling method sa pagpili ng mga kalahok ng pag-aaral. Ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay mga gurong nagtuturo ng asignaturang pananaliksik sa senior high school sa Magalang, Pampanga. Ang mga gurong ito ay mula sa iba't ibang pambansang mataas na paaralan ng Magalang, Pampanga taong-panuruang 2022-2023. Ang mananaliksik ay magkakaroon ng pangunahing impormante na panayam sa mga guro. Ang bilang ng mga kalahok ay magdedepensa sa punto ng saturation.

Iaangkop ng mananaliksik ang four-phase phenomenological method ni Giorgi. Ito ay gagamit ng isang obserbasiyonal na pag-aaral. Obserbahan ng mananaliksik ang likas na kapaligiran ng mga guro. Kasama rin sa pag-aaral ang mga impormal na panayam sa loob ng kanilang paaralan at mga pormal na panayam kung saan ang mga gabay na tanong sa pakikipanayam ay patunayan ng mga eksperto. Ang mananaliksik ay mangangalap ng datos sa pamamagitan ng obserbasiyonal na datos at magsasagawa ng komprehensibong

**" Innovative Strategies in Education and Business Management for Sustainable Growth"**

direktang obserbasyon gamit ang record field notes, video, o audio recording.



Upang suriin at tukuyin ang mga karanasan ng mga gurong nagtuturo ng pananaliksik sa mga senior high school sa Magalang Pampanga, ang isang “researcher made interview guide” ay ginawa ng mananaliksik at nararapat na napatunayan ng mga dalubhasa sa larangan. Kabilang ang mga sumusunod : (1) dalubhasa sa larangan ng pananaliksik lalung-lalo na sa Kwalitatibong pananaliksik na nagpakadalubhasa sa Filipino ; (1) Psychometrician at ang tagapayo sa pag-aaral na ito. Ang proteksyon ng mga paksa ng tao sa pamamagitan ng paggamit ng naaangkop na mga prinsipyong etikal ay mahalaga sa lahat ng pananaliksik na pag-aaral. Sa isang kwalitatibong pag-aaral, ang mga etikal na pagsasaalang-alang ay may partikular na resonans dahil sa malalim na katangian ng proseso ng

pag-aaral. Ang umiiral na etikal na patnubay para sa pagsasagawa ng kwalitatibong pananaliksik ay kadalasang nagbibigay ng mga pangkalahatang alituntunin sa halip na tumuon sa kung paano ito ilalapat sa pagsasanay. Ang pagsasaalang-alang ng mga isyung etikal ay mahalaga sa lahat ng yugto ng husay na pag-aaral upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng mga potensyal na panganib ng pananaliksik at ang malamang na mga benepisyo ng pananaliksik.

Sa pagsusuri ng mga datos, ang mga verbatim na transkripsiyon ng mga panayam ay gagawin. Ang mga datos na nakolekta mula sa proseso ng pagtatanong ay kokolektahin, lagyan ng label at isasaayos. Kapag ang punto ng saturation ay matugunan, ang mananaliksik ay magsisimulang gawin ang pagsusuri ng datos. Ang pagsusuri ng data ay gagawin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng open coding, axial coding at panghuli, ang paglikha ng mga tema. Sa buong proseso ng pagsasaliksik, isasagawa ang tuluy-tuloy na pagsusuri ng lahat ng data, at malaking atensiyon ang ibibigay sa triangulating ng data at

paghahambing ng impormasyon sa pagitan at sa loob ng mga kalahok. Ang resulta ay isang maigsi ngunit kumpletong paglalarawan ng kalagayan ng impormante na lumikha nito. Ang pamamaraan ay umaasa sa mayamang karanasan ng mga guro na kalahok sa pananaliksik; ang mga ito ay maaaring magmula sa harapang mga panayam, ngunit maaari ring makuha sa pamamagitan ng maraming iba pang mga pamamaraan; nakasulat na mga salaysay, blog, research journal, online na panayam, atbp. Pagkatapos ng transkripsiyon, susundan ng synthesizing ang data na lalabas sa mga konstruksiyon. Kasunod ng mga konstruksiyon na ito ay ang pagtukoy at pagtalakay ng mga tema at sub-tema sa pamamagitan ng "thematic analysis."

## **RESULTS AND DISCUSSION**

Seksiyon 1. *Karanasan ng mga Gurong Nagtuturo ng Pananaliksik sa Senior High School sa Larangan ng Pananaliksik*

Batay sa prosesong isinagawa sa pagkuha ng mga datos, ang sumusunod ay nakalap ng mananaliksik

Kalahok 1

"Ang research po kasi sir I think practice talaga yung kailangan niya hindi siya madali at first but kapag na master mo na yung or kapag na acquire yung skill sa research writing.(1C1)"

"nagbabasa po ako ng mga libro ng mga journal articles para po mas mahasa po yung skill ko po sa research writing.(1C2)"

"nag be-brainstorm kami sa research na gagawin or even yung mga research ng mga bata sometimes nag co-conduct din po ako sa mga friends ko because yung field of work kasi nila is research.(1C3)"

Kalahok 2

Ang kalahok ay isang dalubguro sa paaralan. Maliban sa nababanggit nito ang halaga ng pananaliksik sa mga mag-aaral at mga pagsasanay na nababanggit sa pakikipanayaman na naisagawa ay malaking tulong din ang pagtuturo ng pananaliksik bilang dalubguro na nagbibigay ng tulong teknikal sa mga kapwa-guro.

"Malaki siyang tulong samin bilang isang master teacher kasi mandatory samin na gagawa ng action research proposal. So malaking tulong sakín na na aaply ko unlike before na hindi ako naghahandle ng research.(1C4)"

Sa buong panayam ay makikitaan na ang kalahok na ito ay sumasali sa mga palihan, gawaing kapulungan pagdating sa pagpapalago sa kakayahang pananaliksik. Nagkakaroon din siya ng kolaborasyon sa mga mahuhusay na guro lalo na sa Ingles at matematika.

### Kalahok 3

Sa Kalahok 3 ay nakitaan ito ng maraming bagong karanasan na hindi nabanggit ng Kalahok 1 at 2. Naisalaysay niya na upang mapaayos at mapalawak ang kanilang silid-aralan ay nararapat na magkaroon ng kolaborasyon sa pamantasang pinakamalapit.

“Actually po pre-pandemic po para ma-enhance po yung pagtuturo ng research ako po personally nakipag tie-up mismo sa PSAU. So yung mga estudyante po naming, yung mga estudyante po naming dinala po naming sa PSAU para po makakita ng other books, journals, ng mga sample thesis, sample papers po which is a good thing naman po meron po kaming partner na institution sa labas ng school.(1C5)”

“ako po personally dahil ang asawa ko po kasama ko po nagtuturo ng research even at home even sa labas napag-uusapan naming parang nag-cocolab kami.(1C6)”

Nagiging mas personal pa ang kaniyang mga salaysay nang mabanggit niya na mas maraming naibibigay na kakayahan ang pananaliksik sa mga mag-aaral.

“yung pag-didiscover ng truth yung ganon no yung pag-uunlocked ng mga bagay-bagay maganda pong skills ng mga bata(1C7).”

Naging mas makulay ang kalahok 3 sa pagbabahagi niya ng mga karanasan sa pagtuturo ng pananaliksik at marami itong naiambag sa pagpapalalim nito bilang isang larangan.

### Kalahok 4

Ang kalahok 4 ay may malalim na kaasalan sa pagtuturo. Sa kaniyang pagsasalaysay maliban sa pagbabahagi nito ng mga propesiyunal na paglago at pagbabahagi ng mga kaalaman at magagandang praktika sa mga kapwa-guro ay may natuklasang bagong code na wala sa kalahok bilang 1, 2 at 3.

Ang kaniyang mga sagot ay naging katangi-tangi ang pagkamatiisin bilang isang asal upang mas maturuan ang maganda mag-aaral sa Senior High School.

“sa SHS kailangan mahaba yung patience mo kasi sa college kasi alam natin na nag-aaral sila...(1C8)”

**" Innovative Strategies in Education and Business Management for Sustainable Growth"**

“...ako pinapasoft bind ko sila para sa mga susunod na mga magtetake ng subject na yon ginagamit ko sila as sample.”

Ang mga sumusunod na kalahok bilang 5, 6 at 7 ay wala ng kinakitaang bagong kowd at ito ay umabot na sa pag-abot ng rurok ng mga kwalitatibong datos. Umuulit na lamang ito sa siyam na code na nakuha mula rin sa kanila. Maipapakita sa talahanayan ang mga naipong kowd at paano ito nakategoraya upang mas makita ang biswal na representasyon ng mga nakalap na kowd ganit ang manwal na kaparaan. Naipakita rin sa mga siniping transkripsiyon ang mga code na makikita sa huling bahagi ng sinipi.

**Talahanayan 1:  
 Pag-ipon ng mga Kowd at Kategorisasyon sa mga Karanasan sa Pagtuturo ng Pananaliksik sa Senior High School**

<b>Bilang ng Kowd</b>	<b>Pagsasalarawan ng KOWD</b>	<b>Kategorisasyon</b>
1C1	Nagsasanay sa mga kakayahang pananaliksik nang paulit-ulit upang matamo ang masteri sa pagsusulat nito.	Kategorisasyon 1: Mga Pagkilos upang mapayaman ang kognisyon at karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pananaliksik
1C2	Nagsasagawa ng propesyonal na paglago maging ito ay personal o inisyatibo ng kagawaran ng edukasyon sa pagsasagawa ng pananaliksik.	

1C3	Nagbabahagi sa kapwa-guro ng mga naisagawang praktika sa pagtuturo nito upang mas mapalawak ang pagbibigay kakayahan sa mga mag-aaral.	Iniipon pa nito ar  Ang kalahok 4 ay
1C4	Naiiuugnay ang pagtuturo ng pananaliksik sa mga gawaing kinakailangan ng guro sa kaniyang propesyon.	
1C6	Naisasagawa pa rin ang ekstensyon sa pagtuturo ng pananaliksik hanggang sa personal na danas	
1C7	Naiiuugnay ang pagtuturo nito sa higit na kakayahang maibibigay sa mga mag-aaral.	Kategorisasyon 2: Mga Kaasalan sa pagtuturo ng pananaliksik sa mga mag-aaral
1C8	Napapamalas ang kakayahang pagtitiyaga sa pagtuturo ng pananaliksik sa mga mag-aaral	Kategorisasyon 3: Mga Kalutasang naisasagawa upang mapayaman ang literatura ng pagtuturo ng pananaliksik
1C5	Nakapagsagawa ng kolaborasyon sa Pamantasan upang lumawak ang mga pinagkukuhanang literatura sa pag-aaral ng mga mag-aaral	
1C9	Naisasagawa ang pangongolekta ng mga awtput bilang modelong pananaliksik sa mga susunod na pangkat na tuturuan	

**Seksiyon 2. Salik na Nakakaapekto sa  
Pananaliksik ng  
mga Mag-aaral**

***Kalahok 1***

Ang kalahok bilang 1 ay naisalaysay nito ang kaniyang karanasan sa pagtuturo pananaliksik. Nabanggit niya na mas mainam na ito ay naisagawa ng face to face kaysa sa modyular.

*“face to face sir dahil nakikita mo yung bata and makikita mo kung papano siya nagperform and sa ibang classroom unlike noong modular po sir parang for compliance lang po yung nagyayari. (2C1).”*

Nakita rin itong salik sa pagtuturo ng pananaliksik bilang mahalagang kakayahan na mainam itong maituro sa mag-aaral na harapan dahil sa kompleks nito bilang isang asignatura. Isa ring nakitaan na nagpatibay sa sinundang pahayag ng kalahok 1 ay ang kahirapan sa wikang ingles at istatistika sa pagsasagawa ng pananaliksik sa mga mag-aaral.

*“nahihirapan po sila sa research ngayon sir pero kahit paano sir meron naman silang prior knowledge regarding research sir siguro po I think nahihirapan po sila sa mga iyon or sa basic grammar sir. Ayun po, and even sa statistical*

*analysis sir so nahihirapan po sila. (2C2).”*

Nakitaan din sa mga pahayag ng Kalahok 1 ang halaga ng teknolohiya sa lubos na pagkakatuto ng pananaliksik.

*“Malaki po ang tulong ng technology sa pagco-conduct ng research dahil po siyempre before sir kailangan mo pang magbukas ng libro na napakarami para lang mahanap mo yung gusto mong hanapin na information and unlike ngayon sir isang click lang sa google scholar, makikita mo na yung information na hinahanap mo. (2C3).”*

Sa Kalahok 1 ay nakakuha tayo ng tatlong salik sa pagtuturo ng pananaliksik.

***Kalahok 4***

Ang kalahok 2 at 3 ay may kahawig na mga kowd na natuklasan na sa kalahok bilang 1. Kaya minarapat na lamang na tumungo sa kalahok bilang 4 dahil sa natuklasang bagong kowd na akma sa layunin ng pag-aaral.

Naipakita ng kalahok 4 ang iba pang mga nabanggit ng kalahok 1 na patungkol sa paggamit ng teknolohiya, kahinaan ng mga mag-aaral sa mga asignaturang ingles at istatistika. Natatangi sa kalahok 4 ang pagbanggit niya ng pasilidad katulad ng silid-aralan dahil sa nagiging hadlang din ito sa pagtuturo niya ng pananaliksik.

*"...dahilan dahil wala kaming Library na pwedi nila sanang gawing lugar para ma-visit nila at makita kung an oba ang research an oba ang mga sample na gawa ng mga research. (2C4)."*

Nabanggit nito na kasalukuyang inaaral pa niya ang pagtuturo nito at kahit para sa kaniya ay isa itong bahagi ng kaniyang pagtuturo ay nagpapatuloy pa rin na palaguin ang kaniyang buhay propesyonal sa pagsali sa mga seminar sa kanilang dibisyon at paghahanap din ng donors upang maparami ang mga aklat sa paaralan lalo na sa pananaliksik.

### **Kalahok 6**

Ang kalahok bilang 5 ay walang nakitang bagong kowd ngunit sa kalahok 6 ay may dalawang bagong kowd na nagbigay pagkakataon na talakayin ito bilang pagsalaysay sa salik sa pagtuturo ng pananaliksik.

Nabanggit ng Kalahok 6 ang kaniyang salik ukol sa nilalamang bahagi ng pagtuturo nito.

*"Quantitative research so yung pagdating sa mga concept pag-coconceptualized sa research okey yan e pero pagdating sa statistical treatment so dun tayo medyo nahihirapan. (2C5)"*

Isa rin sa mga bagong natuklasan sa kalahok na ito ang problema nila sa internet at mga computer na ginagamit sa paaralan na may malaking ambag din sa pagtuturo ng pananaliksik.

*"wala po silang internet connections so even on our school po dahil halos ilang years palang po siya almost 10 years no hindi po totally nabibigay naming for example yung sa computer kasi may computer po kami pero hindi po sila ganon kaganda. (2C6)"*


Sa kabuuan ay natamo na ang data saturation hanggang sa kalahok bilang 7 at wala ng nakuha pang mga kwalitatibong datos na bago kaya tumigil na ang mananaliksik na magpatuloy sa pagkuha ng mga kalahok sa pag-aaral.

Ipinapakita ng talahanayan bilang 2 ang mga naipong kowd at kung paano rin sila naipangkat sa tulong ng kategorisasyon. Nakatamo ito ng anim ng kowd at may 3 kategorisasyon.

### **Talahanayan 2: Mga Kowd at Kategorisasyon sa mga Salik na Nakakaapekto sa Pagtuturo ng Pananaliksik**

**" Innovative Strategies in Education and Business Management for Sustainable Growth"**

Bilang ng Kowd	Pagsasalarawan ng Kowd	Kategorisasyon
2C1	Modalidad ng Pagtuturong Modular at Face to Face sa pagtuturo ng pananaliksik	Kategorisasyon 4: Salik sa Kakayahan ng mga Mag-aaral
2C2	Kahirapan sa wikang Ingles at Istatistika sa pagsasagawa ng pananaliksik ng mga mag-aaral	
2C3	Kakayahan sa Paggamit ng Teknolohiya bilang suporta sa pagsasagawa ng pananaliksik	Kategorisasyon 5: Salik sa Kakayahan ng mga Guro
2C5	Kakayahan ng guro sa pagtuturo ng pananaliksik	
2C6	Kakulangan sa koneksyon sa internet at mga magagamit ng kompyuter.	Kategorisasyon 6: Salik sa Kakayahan ng Paaralan sa Pagpapaunlad ng Pasilidad



**Figura 2:** Panukalang modelong konseptwal sa pagpapahusay ng mga kasanayan ng mga guro sa pananaliksik

Seksiyon 3. Modelong konseptuwal na maipapanukala upang mapaghusay ang kasanayan ng mga guro sa pagsulat ng pananaliksik.

Sa bahaging ito ay pinagsama ang kategorisasyon at ipinakita ang isang modelong konseptuwal na magbibigay linaw sa higit na pagtalunton at pagtunton sa pagtuturo ng pananaliksik. Ang mga temang nabuo ay mula sa pinagsamang amin na kategorisasyon na nakalikha ng tatlong tema. Ang tatlong tema ay napansing nasa progresibo itong anyo.

Ang Tema 1 na tumutungkol sa pagpapatibay sa kakayahan ng mga gurong mananaliksik. Ang Tema 2 ay mula sa mga kasagutan ng mga gurong nagtuturo nito. Ang kanilang kakayahan ay marapat na mauna na sanayin dahil ito ang magsisilbing kognisyon nila sa pagtuturo. Ang mahinang pundasyon ng pagtuturo ay magiging walang saysay sa mga mag-aaral at sa pasilidad ng paaralan.

Ang Tema 2 na tuon sa paghasa sa kakayahan ng mga mag-aaral. Kapag naging mahusay na ang mga guro ay susundan ito ng mga mag-aaral na

magiging hantungan ng kaalaman ng guro. Nararapat na hasain ang mga mag-aaral dahil ang mga kakayahang pananaliksik ang magiging pundasyon sa pagtamo nila ng digri sa kolehiyo.

Ang Tema 3 ay pamamahala ng pagtuturo ng pananaliksik sa paaralan. Kasama sa pamamahala ay ang paglinang ng mga kagamitan at pasilidad para sa ganap na pagkatuto ng pananaliksik.

Ang mga tatlong temang ito ang magiging basehan ng nabuong modelong konseptuwal na siya namang magiging panukala sa lahat ng mga guro sa wikang Filipino sa pagtuturo nila ng pananaliksik sa mga mag-aaral upang matamo ang ganap na literasi na magiging buo sa pamamagitan ng kakayahang pagsulat ng akademiko.

#### **CONCLUSION AND RECOMMENDATION**

Ang pag-aaral na ito ay pagtuntong at pagtalunton ng mga gurong nagtuturo ng pananaliksik sa mga piling pambansang paaralang sekondarya ng lalawigan ng

Pampanga. Ang pananaliksik ay tinuturing na purong kwalitatibo.

Naisalarawan ang pagtuntong o paglalakbay ng mga kalahok sa kanilang pagtuturo ng pananaliksik. Ang mga kalahok ay naglahad ng kanilang karanasan na sinuri at sinipat maigi upang makakuha ng mainam na datos na kinakailangan ng pananaliksik.

Sa bahaging pagtalunton ay naisalarawan ang mga salik na nagbibigay pagkakataon upang mabigyang diin ang pagtuturo ng pananaliksik lalo na sa Senior High School.

Naging makabuluhan ang pagtuntong at pagtalunton sa pagsasagawa ng panukalang modelong konseptwal na progresibong anyo upang maisalarawan ang dapat na gawin ng mga administrador sa pagtuturo ng pananaliksik bilang isa sa mga mahahalagang kakayahan ng mga mag-aaral.

## **KONGKLUSYON**

Ang mga sumusunod ang naging kongklusyon ng pag-aaral:

1. Ang mga karanasan ng mga kalahok sa pagtuturo ng pananaliksik ay umabot hanggang siyam na kowd at tatlong nakategorays na tumutukoy sa (1) mga pagkilos upang mapayaman ang kognisyon at karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pananaliksik; (2) mga kaasalan sa pagtuturo ng pananaliksik sa mga mag-aaral; (3) mga kalutasang naisasagawa upang mapayaman ang literatura ng pagtuturo ng pananaliksik.
2. Ang mga salik na nabuo ng mga kalahok sa pagtuturo ng pananaliksik ay umubot hanggang anim at tatlong nakategorays na tumutukoy sa salik sa kakayahan ng mga mag-aaral, guro at kakayahan ng paaralan sa pagpapaunlad ng pasilidad.

3. Ang modelong naipakita ay nasa progresibong anyo mula sa tema ng pagpapatibay sa kakayahan ng mga guro, paghasa sa mga kakayahan ng mga mag-aaral at tema ukol sa pamamahala sa pagtuturo ng pananaliksik.

## **REKOMENDASYON**

Ang mga sumusunod ang mga rekomendasyon ng pag-aaral:

1. Mainam na paramihin pa ang mga may kalidad pagsasanay sa pagtuturo at pagkatuto ng pananaliksik ng Kagawaran ng Edukasyon at kaantabay ang Komisyon sa Mataas ng Edukasyon upang matamo ang pagtaluntong ng kakayahang pananaliksik ng mga guro at mag-aaral.
2. Ang mga salik na natuklasan ay maaring gawan ng talatanungan upang mas maipakita ang higit na kinakailangang bigyang aksiyon sa pagtuturo at pagkatuto ng pananaliksik. Ito ay mabibigyang

halaga sa pamamagitan ng paggamit ng pag-aaral na ito sa mga administrasyon na may pagmamahal sa kakayahang pananaliksik.

3. Ang mga temang nabuo ay maaring maging sandigan sa mga isinasagawang agenda sa mga kolehiyo at paaralan sa pagsusulat ng pananaliksik na mabigyang tutok at pansin upang mas maraming matulungang mag-aaral gamit ang mga resulta ng pag-aaral.

## REFERENCES

- Bernales, R. (2001). *Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina*. Valenzuela City: Mutya Publishing House
- Cayabyab, R. A. (2021). View of Antas Ng Kamalayan Ng mga Guro Ng senior high school Sa Pagsulat Ng Pananaliksik Sa Filipino. PSU Research Journals – The Official Publication of Pangasinan State University.  
<https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/view/168/132>
- Driscoll, M. P. (2005). Psychology of learning for instruction
- Espina, Leticia et al. (2014) *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Mindshapers Co. Inc. Intramuros, Manila.
- Galdonez, D. P. (2022, November). Pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng tesis na pahayag gamit ang Online Direct Instruction. ResearchGate | Find and share research.  
[https://www.researchgate.net/publication/364955399\\_Pagpapaunlad\\_sa\\_kakayahan\\_ng\\_mga\\_magaaral\\_sa\\_pagbuo\\_ng\\_tesis\\_na\\_pahayag\\_gamit\\_ang\\_Online\\_Direct\\_Instruction](https://www.researchgate.net/publication/364955399_Pagpapaunlad_sa_kakayahan_ng_mga_magaaral_sa_pagbuo_ng_tesis_na_pahayag_gamit_ang_Online_Direct_Instruction)
- Gilbert, K. (2014). Gabay para Sa MGA ETIKA Sa PANANALIKSIK (2014) Kagawaran Ng Filipino Paaralang Humanidades. Enjoy free comfortable tools to publish, exchange, and share any kind of documents online!.  
<https://docplayer.net/64391272-Gabay-para-sa-mga-etika-sa-pananaliksik-2014-kagawaran-ng-filipino-paaralang-humanidades.html>
- Gonzalvo, Romeo P. (2016). *Komunikasyon sa Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*, Batayang Aklat sa SHS. Mindshapers Company, Inc. Intramuros, Manila. Republic Act No. 7722, Commission on Higher Education
- Leonilo B. Capulso ,Arnel T. Sicat. Vol. 3 No. 7 (2019): Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts 14th Joint Multidisciplinary Research Conference Abstract Proceedings. Ho

- Chi Minh City, Vietnam. Published: 2019-12-18.
- Mayor-asuncion, A. M. (2015). Doon o dito, ganoon o ganito: isang paggalugad sa pananaw ng guro hinggil sa kanyang papel sa pagtuturo ng Akademikong Wikang Filipino sa antas tersyarya. Luz y Saber, 9(1&2). <https://ejournals.ph/article.php?id=9805>
- Morales, R. C. (2013). Mga Yugto sa Proseso ng Pagsulat. Retrieved from [https://prezi.com/4\\_busnlvtyks/mga-yugto-sa-proseso-ng-pagsusulat/](https://prezi.com/4_busnlvtyks/mga-yugto-sa-proseso-ng-pagsusulat/)
- Novak, J. D. (1998). Learning, creating, and using knowledge: Concept maps® as facilitative tools in schools and corporations. Lawrence Erlbaum Associates Publishers.
- Rioa, Irving Domingo I., et.al. (2021). Lived Experiences of Senior High School Teachers Teaching Qualitative Research without Training .Turkish Online Journal of Qualitative Inquiry (TOJQI) .Volume 12, Issue 10, October 2021: 3877-3888
- Salamera, R. (2011). *Kahulugan ng pagsusulat*. Retrieved from <https://www.scribd.com/doc/59521436/Kahulugan-ng-Pagsusulat>
- Sanchez, R. R. (2023, March 24). Inobatibong Gawain Sa Pagtuturo Ng Pananaliksik. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies. <https://www.ijams-bbp.net/archive/vol-1-issue-3/inobatibong-gawain-sa-pagtuturo-> ng pananaliksik/?fbclid=IwAR2QV3WqO-FaT5UjqE6CN1bClK-\_Q48QiOJxOD8m0dTwX7TkrTM0K841ciQ
- Sia , A.P., & Macaldao, ME. (2020). Kasanayan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pananaliksik sa Senior High School. Pangasinan State University.
- Sicat, C. P. (2017). Pagtuturo ng Pananaliksik sa Iba't ibang Antas. Club Manila | Resource Center sa Wika at Kulturang Filipino. <https://clubmanila.files.wordpress.com/2017/10/pagtuturo-ng-pananaliksik-sa-ibat-ibang-antas.pdf>
- Sison, I.B. ( 2017). Research readiness, attitude and skills of teachers: basis for a proposed research program. Graduate School. Pampanga State Agricultural University
- Standridge, M. (2002). Behaviorism. In M. Orey (Ed.), Emerging Perspectives on Learning, Teaching, and Technology. <http://epltt.coe.uga.edu/index.php?title=Behaviorism>
- Tamban, V. E., & Maningas, O. B. (2020). Research Capability of Public School Teachers: A Basis for Research Capability Enhancement Program. People International Journal of Social Sciences, 6(01), 222-235. <https://doi.org/10.20319/pijss.2020.61.222235>